



Buod ng Session at Kung Ano ang Ibinahagi:

Individualized na pagpopondo para sa mga pamilyang may mga anak at kabataan na nangangailangan ng suporta

Tungkol sa Serye ng Mga Tagapagsalita sa Symposium

Bilang bahagi ng engagement ng Children and Youth with Support Needs (CYSN), nagsagawa ng serye ng virtual na tagapagsalita para maikonekta sa mga British Columbian ang mga propesyonal na nasa field ng development at kapansanan ng bata at kabataan. Ang serye ay oportunidad din para lumahok sa pinapangasiwaang dialogue para makatulong na mapahusay ang isang bagong panlalawigan na pamamaraan sa serbisyo ng CYSN na balanse sa mga lokal na sitwasyon at mga indibidwal na pangangailangan.

Bukas sa lahat ng British Columbian ang serye na ito ng virtual na tagapagsalita sa symposium at nagbigay ito ng natatanging oportunidad para suportahan ang kolaborasyon at pagbabahagian sa mga pamilya, propesyonal, provider ng serbisyo, at interesadong partido. Ang mga talakayan sa breakout room ay nagbigay sa mga kalahok ng oportunidad na magkaroon ng mga inklusibong usapan, magbahagi ng mga insight, pinakamahuhusay na kagawian, at tumuklas ng mga pananaliksik at kaalaman mula sa session sa pamamagitan ng lente na laban sa racism.

Pangkalahatang-ideya ng Session

Noong Martes, Nobyembre 30, 2023, nagpresenta sina Dr. Rachelle Hole at Dr. Tim Stainton tungkol sa "Individualized na Pagpopondo para sa Mga Pamilyang may Mga Anak at Kabataan na Nangangailangan ng Suporta." Si Dr. Hole ay propesor sa UBC Okanagan School of Social Work at co-director ng UBC Canadian Institute for Inclusion and Citizenship. Isa rin siyang Tier 1 na Research Chair sa Critical Disability Studies ng Principal ng UBC. Si Dr. Stainton ay propesor sa School of Social Work at Co-Director ng Canadian Institute for Inclusion and Citizenship sa UBC, at Fellow ng International Association for the Scientific Study of Intellectual Disability.

Ang presentasyon ay batay sa mga resulta ng pagsusuri ng internasyonal na literatura tungkol sa individualized na pagpopondo na isinagawa nina Dr. Hole at Dr. Stainton. Limampu't walong artikulo ang isinama sa pagsusuri mula sa mga bansa sa buong mundo kabilang ang Australia, UK, Europe, New Zealand, at United States.

Mahigit 150 tao ang sumali sa session na ito mula sa mga lugar sa buong lalawigan, na kumakatawan sa iba't ibang pananaw kabilang ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, pamilya, guro, at iba pa.

Mga punto mula sa session

Ang individualized na pagpopondo (individualized funding, IF) ay tinutukoy bilang “pagpopondo na direktang inilaan sa isang indibidwal, o sa sitwasyon ng bata, sa kanyang mga magulang o legal na tagapag-alaga, para magbigay suporta na kinakailangan para matugunan ang mga pangangailangan na nauugnay sa kapansanan.”

Kasama sa mga benepisyo ng modelong IF ang:

- Higit na kakayahang magpasya para sa sarili at ang pagsusulong ng pamamaraang nakatuon sa pamilya, kung saan mga pamilya ang nagpapasya kung paano gagamitin ang pondo; at
- Higit na kontrol, opsyon, pagkamaasahan, at flexibility sa mga therapy at interbensyon para sa mga pamilya.

Kasama sa mga balakid na nakakaharap ng mga pamilya kapag ina-access ang IF ang:

- Maaaring maglimita ang dumaming pasanin sa pangangasiwa. Ang mga pamilya ay may magkakaibang kakayahan na saluhin ang pasanin na ito;
- Ang mga kakulangan sa impormasyon ay maaaring makadagdag sa hirap kapag ginagamit ang mga sistema at serbisyo, tulad ng mga proseso ng pagsusuri at diagnosis;
- Mga balakid dahil sa socio-economic na sitwasyon – ang agarang pagbabayad ay maaaring magdulot ng pinansyal na paghihirap at nakakaambag sa pagkakabukod ng grupong karapat-dapat na mabigyan ng katarungan;
- Mas kaunti ang mga serbisyong available para sa mga pamilya sa mga rural o malayong lugar at mas mataas ang ginagastos nila para sa mga serbisyo; at
- Ang mga naka-silo na estruktura sa pagitan ng mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan at mga sistemang panlipunan ay maaaring makahadlang sa mga pamilya at makaapekto sa kanilang pagpapasya tungkol sa mga serbisyo/suporta para sa kanilang anak o kabataan.

Tinutukoy ng literatura ang ilang pangunahing elemento na umiiral kapag gumagana nang maayos ang modelong IF:

- Mga malinaw na paraan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga pamilya at mga provider ng pangangalagang pangkalusugan/serbisyo, na partikular na mahalaga sa mga maagang interbensyon para sa bata;
- Katayuan ng pamilya, panlipunang kapasidad, at socio-economic na katayuan – sa IF, mas maraming positibong karanasan ang mas mayayamang pamilya;
- Ang access sa mga mapagkakatiwalaang provider ng serbisyo at sa mga support worker ay direktang nakakaapekto sa mga kinahihinatnan para sa mga bata at kabataan at sa kalidad ng opsyon na available sa mga pamilya; at
- Mahalaga ang interagency na kolaborasyon para mabawasan ang pasanin sa pangangasiwa at masuportahan ang mahusay na pagpapasya kapag tinutukoy ng mga pamilya kung paano gagamitin ang pondo.

Patakaran at Kagawian

Sa ngayon, hindi available sa British Columbia ang IF sa pamamagitan ng pagtatasa batay sa mga pangangailangan. Malaki ang pagkakaiba-iba ng mga hurisdiksyon at kailangang mag-ingat sa paggamit ng mga kagawian mula sa iba pang hurisdiksyon. Ang IF sa mga bata at kabataan ay pangunahing ginagamit para sa respite at mga therapy, at para naman sa mga adult, pangunahin itong ginagamit para sa mga residensyal at pang-araw-araw na suporta. Sa pangkalahatan, ayon sa pananaliksik, kapag isinagawa sa maayos na paraan, mas mahusay ang IF kaysa sa mga kolektibong sistema, ngunit hindi dapat ito pumalit sa mga sistema ng ahensya o kolektibong sistema. Nangangailangan ito ng matatag na imprastruktura, workforce, at administratibong suporta para tumakbo nang maayos. Dagdag dito, ang mga komunidad na malayo/rural at mga Katutubong komunidad ay nahaharap sa mga natatanging pagsubok na dala ng IF.

Talakayan sa breakout room – Ano ang Ibinahagi

Ang mga kalahok ay inilagay sa maliliit na breakout room (na may lima hanggang 15 kalahok kada room) para sa mino-moderate na talakayan. Tinanong ang mga kalahok:

- Sa lahat ng kaalamang ibinahagi ngayong araw, ano ang isa o dalawang pagsasaalang-alang na pinakamahalaga para sa iyo kapag nagpapahusay ng sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta?

Isinasalamin ng mga komento ang mga karanasan sa buhay ng mga kalahok, at ang kanilang mga pananaw at ideya para sa epektibong sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta sa buong BC.

Ikinategorya sa apat na tema ang mga komento ng kalahok:

1. Pagpapalano at Koordinasyon ng Serbisyo: direktang pagpapalano kasama ang mga pamilya, (anumang uri ng) pagpapalano sa transisyon, cross-program/ministry na koordinasyon.
2. Paghahatid ng Serbisyo: mga direktang Serbisyo ng CYSN, mga wraparound na serbisyo, mga pagsasaalang-alang sa workforce.
3. Pangangasiwa: pagpopondo, mga proseso at pathway ng serbisyo (hal., intake; pagbibigay-prioridad), mga tungkulin at responsibilidad (ibig sabihin, aling ministry ang responsable sa isang bagay), pisikal na espasyo

Pagpapalano at Koordinasyon ng Serbisyo

Mga ideya para sa direktang pagpapalano kasama ang mga pamilya na nakatuon sa availability at accessibility ng impormasyon para maibigay ang mga suporta. Kabilang sa mga suhestyon ang: paggawa ng website para maimapa ang mga available na serbisyo; pagsuporta sa maagang pagtukoy ng mga kapansanan; at paglalaan ng finance manager para matulungan ang mga pamilya sa pamamahala ng kanilang mga account. Sa pangkalahatan, napag-alaman namin na ang isang bagong sistema ay kailangang magbigay ng flexibility para sa mga pamilya, na kumikilala na maaaring magbago ang mga pangangailangan ng mga bata o kabataan sa paglipas ng panahon. Maaaring kasama rito ang mga regular na pagtatasa, mga malinaw na proseso ng pagpapasya, at madaling maunawaang impormasyon para ma-customize ng mga pamilya ang mga plano sa suporta.

Ipinakita sa mga talakayan na ang pagpapalano sa transisyon para sa kabataan na magiging adult ay mahalagang bahagi ng bagong sistema, at mahalaga para sa kanilang pagtatagumpay na magdagdag ng mga wraparound na suporta. Matitiyak ang mas maayos na mga panahon ng transisyon para sa kabataan sa pamamagitan ng pansuportang pabahay, pagbibigay-prioridad sa karagdagang staff sa mga paaralan, at pagpapanatili ng mga matatag na ugnayan sa mga provider ng serbisyo.

Kabilang sa mga karagdagang ideya para sa cross-program/ministry na koordinasyon ang mga grant mula sa pederal (na magbibigay-daan sa mga pamilya na hindi gaanong umasa sa IF), pagtuklas sa pagbabago sa sistema para maging mas kaunti ang mga oportunidad para sa kumplikasyon, at mga suhestyon sa Ministry of Children and Family Development na mas makipagtulungan sa Ministry of Education and Childcare at Ministry of Health. Nakita ang matinding suporta sa ipinresentang modelo sa New Zealand, partikular sa pag-integrate ng paglahok ng Katutubo, at sa pamamaraan ng pagbibigay ng mga suporta sa mga ministry at sa buong buhay ng kabataan para mabawasan ang mga kakulangan sa mga serbisyo.

Paghahatid ng Serbisyo

Kabilang sa mga suhestyon para mapahusay ang mga direktang serbisyo ng CYSN ang:

- Isang scaffolded na pamamaraan sa paghahatid ng serbisyo na isinasaalang-alang ang mga pamilyang may mga pinansyal na pagsubok (hal., pagkakaroon ng suporta na available sa mga pamilya sa kanilang pagpasok sa sistema, na nagbibigay-daan sa kanilang i-navigate ang iba't ibang elemento ayon sa kanilang mga sitwasyon at pangangailangan).
- Suporta sa pag-navigate para matulungan ang mga pamilya sa pag-access ng mga resource.
- Higit na pagkamakatarungan sa mga serbisyong ibinibigay sa buong lalawigan.
- Isang sistemang nakabatay sa mga pangangailangan ng bata o kabataan, sa halip na sa diagnosis.
- Pagtuklas sa isang hybrid na modelo na nagbibigay-daan sa mga pamilya na pumili sa pagitan ng mga serbisyo sa center at IF, na nagbibigay ng kakayahan sa mga pamilya na magpalipat-lipat sa mga opsyong ito at nagbibigay ng oportunidad na i-access ang mga serbisyo nang mag-isa.

Sa pangkalahatan, ipinahayag ng mga kalahok na makikinabang ang mga pamilya sa higit na awtonomiya at flexibility sa pagpapasya batay sa kanilang mga pangangailangan.

May mga umuulit na komento na nauugnay sa mga wraparound na serbisyo. Ibinahagi ng mga kalahok na kapaki-pakinabang na may mga navigator para sa bawat serbisyo, ngunit nabanggit nilang may ilang tungkulin ng navigator na mas mahalaga kaysa sa iba, na nagmumungkahing maaaring kailangang pag-isipang muli ang mga tungkuling ito. Ang mga navigator/case worker ay konektado dapat sa pamilya at kailangang bihasa na kumilos nang may paggalang sa kultura ng iba at magkaroon ng kakayahan na angkop na mailaan ang mga resource para sa mga pamilya. Pagdating sa access sa impormasyon, nangangailangan ng higit pang impormasyon para sa mga pamilyang nasa ospital; may suhestyon na magkaroon ng mga navigator sa panganganak. Napakahalaga ng mga serbisyo sa pagsasalin dahil malaking gastos ito para sa mga pamilya; kailangan ding mabayaran ang mga gastos sa pagbiyahe para sa mga pamilya.

Hinggil sa mga pagsasaalang-alang sa workforce, kailangang kasama sa bagong sistema ang mga sapat na resource, partikular para sa mga tungkulin at suporta sa pangangasiwa. Nagpahayag ang mga kalahok ng kagustuhang matugunan ang mga pagsubok sa pagpapanatili ng staff sa mga residensyal na lugar at para mabawasan ang mga caseload ng mga social worker para magawa nilang mas makiisa.

Pangangasiwa ng Programa

Nagpahayag ng pangkalahatang pangangailangan na dagdagan ang pondo para masuportahan ang mga pamilya at ang mga sistemang naglilingkod sa kanila; sa pamamagitan nito magagawa ng mga provider ng serbisyo na proactive na makipag-ugnayan sa mga pamilya at matugunan ang kanilang mga partikular na pangangailangan. Sa pamamagitan ng mga maagang pamumuhunan at mga karagdagang kontribusyon mula sa gobyerno, maaaring mabawasan ang pangangailangan ng mga pamilya na humingi ng IF, na kumikilalang mahalagang bahagi pa rin ng sistema ang ganitong uri ng pagpopondo. Ang mga pondo ay dapat gawing accessible sa mas malawak na hanay ng mga serbisyo, gaya ng music therapy. Sa pangkalahatan, may panawagan na bigyang-prioridad ang pagbawas sa pasanin sa pangangasiwa sa mga pamilya.

Batay sa mga talakayan, makikitang may pangangailangan para sa malinaw na komunikasyon tungkol sa pagbibigay-prioridad sa mga pamamaraan at mga dahilan sa pagiging hindi available ng serbisyo. Ang isang pangunahing pagsubok na natukoy ay ang mga balakid sa wika, dahil nakakaapekto sa paghahatid ng serbisyo ang mga resource na hindi maayos ang transkripsyon; gusto ng mga kalahok ng isang sistema na nagbibigay-kakayahan sa mga pamilya, nagsusulong ng kultural na kamalayan, at kumikilala sa mga kasalukuyang pagsisikap tungo sa dekolonisasyon sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. May mga suhestyon na magdagdag sa pangangasiwa ng programa ng mga mas matatag na mga hakbang para sa pananagutan, tulad ng mga estruktura ng bayarin.

Buod ng Mga Tanong at Komento ng Kalahok

Sa buong presentasyon, ang mga kalahok ay nagbahagi ng mga komento at tanong sa chat function ng Zoom, na nauugnay sa pagsasaalang-alang ng bagong pamamaraan sa paghahatid ng serbisyo:

- Mga hybrid na modelo: ipinakita sa pananaliksik na nagkaroon ang mga pamilya ng mas positibong karanasan kapag ipinagsama ang kolektibo at IF.
- Pagbawas sa mga panganib: sa pamamagitan ng modelong IF, kakailanganing magtakda ng mga parameter para maprotektahan ang mga pamilya, tulad ng paglilimita ng mga bayarin para sa mga serbisyo, at pagtiyak na may mga naaangkop na regulatoryong pamamahala para masiguro sa mga pamilya ang mga kredensyal at kahusayan ng mga provider ng serbisyo.
- Mga timeline para sa reimbursement para sa mga serbisyo: sa isang modelong IF, nabanggit na ang agarang pagbabayad para sa mga serbisyo ay isang balakid para sa maraming pamilya, at mahalaga ang maagang reimbursement para magawa ng mga pamilya na makapagpasya at magkaroon ng flexibility, gayundin ang pagsasaalang-alang sa anumang mga pagtaas ng Cost-of-Living.
- Mga malayo at kultural na komunidad: mahalagang magkaroon ng mga bihasang lokal na propesyonal para makatulong na mabawasan ang mga balakid para sa mga pamilya.